Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG SETYEMBRE 26, 2011, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

## KAPASIYAHAN BLG. 233-T2011

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAUTUSANG BARANGAY BLG. 01-T2011 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG SANTO ANGEL CENTRAL NA NAGTATAKDA NG PANUNTUNAN SA PAGPAPATAKBO NG MGA SASAKYANG PRIBADO O PUBLIKO SA DAANG P. GOMEZ O MAYOR NA DAANG SAKOP NG BARANGAY SANTO ANGEL CENTRAL AT NAGPAPATAW NG KAPARUSAHAN SA PAGLABAG DITO.**

**SAPAGKA'T,** tinalakay sa sangguniang ito ang Kautusang Barangay BLg. 01-T2011 ng Sangguniang Barangay ng Santo Angel Central na naglalayong magtakda ng panuntunan sa pagpapatakbo sa Daang Gomez o mayor na daang sakop nito;

**SAPAGKA'T,** ito ay dumaan sa Lupon sa Batas para sa pagsusuri at pag-aaral;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at malaman ang nilalayon ng kautusan sa pagkakaroon ng takdang tulin ng mga sasakyang dumaraan sa barangay para sa kapakanan ng mga drayber at mamamayan upang maiwasan ang aksidente ay ipinasiya ng Tagapamuno ng Lupon sa Batas na irekomenda ang pagpapatibay nito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Batas) na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Florencio C. Odejar, Serafin C. San Juan, Jr. at Ramon D. Tan at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kautusang Barangay Blg. 01-T2011 ng Sangguniang Barangay ng Santo Angel Central na nagtatakda ng panuntunan sa pagpapatakbo ng mga sasakyang pribado o publiko sa Daang P. Gomez o mayor na daang sakop ng Barangay Santo Angel Central at nagpapataw ng kaparusahan sa paglabag dito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan at Barangay Santo Angel Central, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Setyembre 26, 2011.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

ORIGINAL SIGNED
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO: ORIGINAL SIGNED
**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: ORIGINAL SIGNED
**KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan